7

# Gawaing Pampagkatuto sa Filipino

Kuwarter 2

Aralin 1



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Gawaing Pampagkatuto sa Filipino 7**
**Kuwarter 2: Aralin 1 (Linggo 3)**
**TP 2024-2025**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

Mga Manunulat:
- Mercy B. Abuloc ((Philippine Normal University - Mindanao)

Mga Tagasuri:
- Dr. Joel C. Malabanan (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

# GAWAING PAMPAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Mga Tuluyan sa Panahon ng Katutubo (Dula) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 1: TUKOY-SALITA (10 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

1. Napupukaw ang atensiyon ng mga mag-aaral sa bagong paksang tatalakayin.
2. Nakatutukoy sa mga salita gamit ang *context clues*.

**III. Mga Kailangang Materyales:** papel at panulat

**IV. Panuto:** Tukuyin ang akmang salita na tinutikoy sa bawat pahayag, bilugan ang salita sa palaisipan at isulat ito sa patlang ng bawat bilang.

1. Ang tekstong ito ay bunga ng pagpapahayag na ang layunin ay gumagawa ng malinaw, sapat at walang kinikilingang pagpapaliwanag sa ano mang bagay na nasasaklaw ng isip ng tao.
2. Isa itong uri ng panitikan na itinatanghal sa entablado.
3. Elemento ito ng dula na nagbibigay-buhay sa kuwento.
4. Ito ang tawag sa lugar kung saan itinatanghal ang dula.
5. Ito ang tawag sa mga babaeng manggagamot sa sinaunang panahon.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| E | F | H | I | J | K | L | M | N | O | T |
| M | K | L | N | O | P | Q | R | S | T | A |
| N | T | S | O | P | G | H | I | J | K | U |
| O | A | B | P | C | D | E | F | G | H | H |
| P | N | O | P | O | Q | R | S | T | U | A |
| R | G | H | I | A | S | T | U | V | W | N |
| S | H | I | D | E | C | I | H | A | L | K |
| T | A | J | U | L | E | S | T | A | L | L |
| U | L | K | L | U | H | A | K | O | P | A |
| B | A | B | A | Y | L | A | N | D | R | R |
| W | N | O | P | Q | R | S | T | U | V | I |

**GAWAING PAMPAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Mga Tuluyan sa Panahon ng Katutubo (Dula) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 2: TANONG-TUGON** (10 minuto)

**II. Mga Layunin:** Nabibigyan kahulugan ang mga salitang hiram at may malalalim kahulugan. Nakabubuo ng sariling pangungusap sa salitang ginamit sa teksto.

**III. Mga Kailangang Materyales:** papel at panulat

**IV. Panuto:** Tukuyin ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa pangungusap at gamitin ito sa pagbuo ng bagong pangungusap.

1. Dahil sa malubhang sakit ng kaniyang asawa ay tinawag niya ang isang albularyo.
   *Kahulugan:* ____________________________________________
   *Pangungusap:* ____________________________________________

2. Elegante ang mga telang ibinigay ng mahiwagang tandang sa mga tao.
   *Kahulugan:* ____________________________________________
   *Pangungusap:* ____________________________________________

3. Nasa ilalim ng kontrol, ni Sultan Abdullah ang mga mandirigmang pumunta sa bahay Bagoamama.
   *Kahulugan:* ____________________________________________
   *Pangungusap:* ____________________________________________

4. Nalungkot ang ang pamilya ng mamatay ang kanilang haligi ng tahanan dahil wala silang pera pambayad sa Imam.
   *Kahulugan:* ____________________________________________
   *Pangungusap:* ____________________________________________

5. Malakas ang kampo ni Sultan Abdullah kung kaya't napagdesisyunan ng mahiwagang tandang na ipagbili na lamang siya ni Bagoamama.
   *Kahulugan:* ____________________________________________
   *Pangungusap:* ____________________________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Mga Tuluyan sa Panahon ng Katutubo (Dula) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I.** **Bilang ng Gawain 3: PINATNUBAYANG PAGBASA (10 minuto)**

**II.** **Mga Layunin:** Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda

**III.** **Mga Kailangang Materyales:** papel at panulat

**IV.** **Panuto:** Sama-samang basahin ang isang pabula. Gawing gabay ang mga munting gawain.

**Ang Mahiwagang Tandang**

Dula mula sa Mindanao

Isinulat ni Arthur P. Casanova

Noong unang panahon sa Kaharian ng Agamaniog, payak na naninirahan ang isang pamilya. Si Lokus a Mama ang haligi ng tanan, si Lokus a Babae naman ang ilaw ng tahanan at si Bagoamama naman ang kanilang anak. Simple ang kanilang pamumuhay, si Lokus a Mama ay kumukuha ng mga ligaw na gulay at halaman sa gubat na kanilang makakain habang si Lokus a Babae naman ay kumikilos ng gawaing bahay.

Sa kabila ng kanilang pagsusumikap sa buhay, makikita pa rin ang kanilang kahirapan na maitaguyod ang kanilang pang-araw-araw dahil palagi pa rin silang salat sa pagkain. Labis na nagsumikap si Lokus a Mama na makapag-uwi ng masarap na pagkain sa kaniyang pamilya, ngunit isang araw bigla na lamang itong nilagnat at hindi na muling nakabangon. Labis ang pag-aalala ang idinulot nito sa kaniyang mag-ina kung kaya't madalas na humingi ng tulong si Lokus a Babae kay Allah.

Ilang araw na ang nakalipas at hindi pa rin gumagaling si Lokus a Mama sa kabila ng gamot na ibinigay ng albularyo. Sa ganitong sitwasyon ay nakapag-usap ang mag-ina at naitanong ni Bagoamama kung bakit ganito ang kanilang pamumuhay, bakit sila naghihirap sa buhay. Ito ang nais ni Allah para sa kanila? Mahinahon itong sinagot ng kaniyang ina na walang nakakaalam sa plano ni Allah, maaaring ngayon ay naghihirap sila at bukas o ilang araw ay magiging maayos ang kanilang pamumuhay. Sa ganitong pananaw biglang napaisip si Bagoamama at inutusan ang kaniyang ina na magtungo sa kaharian ni Sultan Abdullah at humingi ng maraming abaka. Bagaman may agam-agam si Lokus a Babae, sinunod niya ang kaniyang anak at nagtungo sa kaharian.

Mapagkumbabang humingi si Lokus a Babae sa sultan ng abaka at mabilis siya nitong pinagkalooban. Nagpasalamat siya at agad na umuwi sa kanilang tahanan. Mabilis na kumilos si Bagaomama at bumuo ng tali at lubid sa tulong kaniyang ina. Matapos ang kanilang pagbuo nito, nagtungo si Bagaomama at inayos ang mga patibong na kaniyang gagamitin sa paghuhuli ng mga manok. Habang isinasaayos niya ang mga patibong mayroon siyang nakitang malaking bakas ng isang yapak, kakaiba ito sa karaniwang yapak na nakikita niya sa kagubatan kung kaya't bumuo siya ng malaking patibong. Umuwi siya matapos ang paglalagay ng patibong at sinalubong ng kaniyang ina. Ibinalita nito ang pagkamatay ni Lokus a Mama na labis na nagdulot ng kalungkutan sa mag-ina at napaisip kung ano na ang mangyayari ngayong wala na ang kanilang haligi ng tahanan. Isa pa nilang inisip ay kung paano ito ipalilibing dahil wala silang pambayad sa Imam. Winika ni Bagoamama na sila na lamang muna ang maglilibing sa kaniyang ama at kung sakaling magkaroon sila ng pera ay saka nila ito bibigyan ng maayos na seremonya.

Bumalik si Bagoamama sa gubat upang silipin ang kaniyang bitag, suwerte sapagkat lahat ng kaniyang bitag ay mayroong nahuling manok.

KORONG BABAE: Naghanap si Bagoamama ng yantok at nang makikita siya'y agad na bumalik sa kinaroroonan ng mga bitag.

KORONG LALAKI: Isa-isa niyang kinuha ang manok at pagkaraa'y itinali ang mga ito sa dalawang mahahabang yantok.

KORONG BABAE: Isinukbit niya ang nakataling manok sa magkabilang balikat at nagsimulang lumakad papauwi.

KORONG LALAKI: Ngunit hindi pa siya nakalabas sa gubat ay may narinig na siyang tinig na nagmamakaawa.

MAHIWAGANG TANDANG: Kalagan mo ako! Para mo nang awa, tulungan mo ako!

BAGOAMAMA: Ha? Sino iyon? Saan galing ang tinig na iyon?

MAHIWAGANG TANDANG: Para mo nang awa, kalagan mo ako! Iuwi mo agad.

KORONG BABAE: Nanahimik sa takot si Bagoamama.

KORONG LALAKI: Takang-taka at halos tumayo ang balahibo sa takot.

(Kukunin ni Bagoamama ang kaniyang bolo. Magiging malikot ang kaniyang mga mata. Hahanapin niya ang pinagmulan ng mahiwagang tinig.)

BAGOAMAMA: Kung sino ka man, lumabas ka't magpakilala.

MAHIWAGANG TANDANG: Narito ako Bagoamama.

(Lilinga-linga si Bagoamama at hinanap ang pinanggagalingan ng tinig.)

BAGOAMAMA: Nasaan ka?

MAHIWAGANG TANDANG: Narito ako Bagoamama. Nasa isa sa mga bitag sa likuran mo. (Lilingon si Bagoamama sa kaniyang likuran)

KORONG LALAKI: Nang lumingon si Bagoamama ay laking gulat niya.

BAGOAMAMA: Tandang? Isang pagkalaki-laking tandang!

(Ilalabas ni Bagoamama ang tandang mula sa bitag.) BAGOAMAMA: Ai-dao! Naipit ang isang paa niya sa bitag.

(Maingat na lalapit sa bitag si Bagoamama)

BAGOAMAMA: Napakakisig ng tandang na ito. Tila siya isang magiting na mandirigma sa kaniyang tindig. At ang kaniyang palong ay parang korona ng hari. Ang ganda ng kaniyang mga balahibo.

(Hindi gaanong lalapit sa tandang si Bagoamama.)

BAGOAMAMA: Bakit alam mo ang pangalan ko?

MAHIWAGANG TANDANG: Bagoamama, ako'y isang mahiwagang tandang.
Kapag ako'y tumilaok, lahat ng klase ay damit ang lumalabas sa aking dibdib. At kapag aako nama'y dumurumi, ginto't pilak naman ang lumalabas.

BAGOAMAMA: Ha? Totoo ba ang mga sinasabi mo o niloloko at pinaglalaruan mo lang ako?

KORONG LALAKI AT BABAE: Upang maniwala si Bagoamama, nagsimulang tumilaok ang tandang.

MAHIWAGANG TANDANG: Tiktilaok! Tiktilaok! Tiktilaok!

(Nagulat si Bagoamama sa mga damit na lumalabas sa mga bibig ng tandang)

BAGOAMAMA: Ai-dao! Kay gagandang mga damit! Ang gagara ng mga kulay! Mukhang pangmayaman!

KORONG BABAE: Titingnan niyang muli ang tandang. Namimilog ang mga mata ni Bagoamama sa kasiyahan.

KORONG LALAKI: Dali-daling inilabas ni Bagoamama sa bitag ang mahiwagang tandang.

KORONG BABAE: At mabilis niyang iniuwi ang mahiwagang tandang kasama ang iba pang mga manok sa kanilang bahay.

Masayang ibinigay ni Bagoamama ang mararangyang kasuotan sa kaniyang ina at inutusan itong ipagbili ito sa pamilihan upang mayroon silang maipambili ng pagkain.

Mabilis na yumaman ang mag-ina sa tulong ng mahiwagang tandang at nagkaroon sila ng sapat na pera upang mabigyan ng maayos na seremonya ang kaniyang namatay na ama. Nakita ito ng dalawang babaeng mananayaw ni sultan na sina Sabandar at Kanankan. Mabilis na nagtungo sa kaharian ng sultan at ibinahagi ang kanilang nakita sa tahanan ni Lokus a Babae na ito'y mayaman na sa tulong ng isang mahiwagang tandang. Dahil dito, ninais ng sultan na makuha ang mahiwagang tandang at ipinag utos kina Bagoamama at Lokus a Babae na ipagbili ito sa kaniya kapalit ng lahat ng kaniyang ari-arian, kung hindi ay susugod doon ang kaniyang mga mandirigma at sapilitan itong kukunin.

Hindi pa man nakarating ang mga mandirigma, nalaman na ang mahiwagang tandang ang plano ng sultan at sinabi kay Bagoamama na ipagbili siya nito kapalit ng ari-arian ng sultan at pakasalan ang prinsesa upang matiyak ang kaayusahan ng kanilang pamumuhay ni Lokus a Babae. Labag man sa kalooban ni Bagoamama ay tinanggap ni Bagoamama ang winika ng mahiwagang tandang, ipinagbili niya ito sa sultan at pinakasalan ang prinsesa. Matapos ang kasalan, nagkaloob ng handog ang mahiwagang tandang sa lahat ng tao at nagbigay ng mga mararangyang kasuotan at maraming ginto't pilak.

Matapos ang kasalan, nagkaroon ng handog ang mahiwagang tandang kay Bagoamama at sinabing tapos na ang kaniyang misyon at dalangin niyang maging maayos at masagana ang kaniyang kaibigan itinatak sa kaniyang puso ang kabutihan ng mahiwagang tandang. Matapos ang kanilang pamamaalam ay masayang umalis ang mahiwagang tandang at tahimik na nagpasalamat muli si Bagoamama sa kabutihan nito na nagbigay sa kaniya ng lahat ng tinatamasa niya ngayon.

**A**. **TANONG-TUGON:** Ano ang mahihinuha mong kalagayan ng lugar kung ang pagbabatayan ay ang mga nabasang pahayag katulad ng sumusunod:

**Hinuha Mo!**

| | |
|---|---|
| Halamang gubat ang pangunahing pinagkukunan ng pagkain ng pamilya. | |
| Ang mga tauhan ay naniniwala kay Allah, ang diyos ng lahat. | |
| Ang albularyo ang siyang nilalapitan kapag may nagkasakit. | |

**B. #TUNAYnaBUHAY:** Balikan ang nabasang dula Mula rito, suriin at iugnay ang mga pangyayari sa akda na maaring nangyayari sa tunay na buhay batay sa iyong karanasan, naranasan o nasaksihan.

| PANGYAYARI SA DULA | #TUNAYnaBUHAY |
|---|---|
| Kahit sa tindi ng kahirapan na naranasan ng pamilya ay mahigpit pa rin ang paniniwalang hindi sila pababayaan ni Allah. | |
| Sa kabila ng kanilang pagsusumikap, ay makikita pa rin ang kanilang kahirapan na maitaguyod ang kanilang pang-araw-araw dahil palagi pa rin silang salat sa pagkain | |
| Naitanong ni Bagoamama kay Allah ang kahirapang dinanas nila sa buhay at kung ito ba talaga ang nais ni Allah para sa kanila. | |
| Dahil sa kabutihang-loob na ipinakita ni Bagoamama sa mahiwagang tandang ay biniyaan ito. | |
| Alam ni Bagoamama na malaking pera ang makukuha niya ng mahuli niya ang isang mahiwagang tandang ngunit naawa pa rin siya dito at ito ay pinakawalan. | |

**C.** Punan ang tsart ng hinihingi ng mga tanong kaugnay ng binasang dula.

| TANONG | TUGON |
|---|---|
| ANO: Bigyang-pansin ang mga diyalogo sa akda.<br>Anong klase ng pamumuhay mayroon ang mga nabanggit na tauhan.<br>Anong uri ng mga katauhan ang ipinakita sa akda? | |
| SINO:<br>Sino sa mga tauhan ang nagpakita ng kalakasan?<br>Sino naman ang nagpapakita ng kahinaan? | |
| BAKIT:<br>Bakit mahalagang suriin ang mga salita at kilos ng mga tauhan sa kuwentong bayan? | |
| PAANO:<br>Paano dininig ng kanilang Allah ang kahilingan ng mga puso ng buong pamilya?<br>Paano winakasan ng may akda ang dula? | |

**D.** Isaayos ang pagkasunod-sunod ng pangyayari sa akda. Lagyan ng bilang 1-6 batay sa pagkasunod-sunod nito.

| | |
|---|---|
| | Nalaman ng sultan ang tungkol sa mahiwagang tandang na nasa pag-aalaga ni Bagoamama at gusto niya itong kunin kapalit ang lahat ng kaniyang kayaman. |
| | Nagtungo si Bagaomama at inayos ang mga patibong na kaniyang gagamitin sa paghuhuli ng mga manok mula sa abakang bigay ng sultan. |
| | Humingi ng tulong si Lokus a Babae kay sultan Abdullah |
| | Nakahuli si Bagoamama ng isang mahiwagang tandang na tumulong sa kaniya na siyang dahilan ng kanilang pag-ahon sa kahirapan. |
| | Namatay ang ama ni Bagoamama na si Lokus a Mama dahil sa sakit. |
| | Ipinagpalit ni Bagoamama ang tandang sa sultan dahil na rin sa suhestiyon ng mahiwagang tandang para mas maging permamente ang kaginhawaan ng buhay ng mag-ina. |

**V.** **Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak:** Magbigay ng payak na paglalarawan sa lugar na pinangyarihan ng kuwento.

Paglalarawan: ________________________________________
________________________________________
________________________________________